# Retorika ng Luksa

**Dayang Magdalena Nirvana T. Yraola**

PAANO NGA BA magluksa? Mayroon bang formula? Gaano karami ang dapat pumatak na luha, bago mo masabing solved na ako. OK na. Move on na. Dapat ba pagkatapos ng pasiyam o 40 days? Pagkababang-luksa, makalipas ang isang taon? O puwedeng after 5 minutes?

Ito ang mga tanong na paikot-ikot sa isip ko nitong mga nakaraang araw. Di ko tiyak. Di ko alam ang sagot. Kaya nga marahil kinailangan ko ng tutor noong panahong namatay ang tatay ko, pinsan, tiyo, lolo, at dalawang kaibigang tinaon-taon ang pagpanaw. Napapanahon ang muling pagtatanong dahil ang kaibigan kong nagturo sa akin kung paano raw tamang magluksa ang siya kong kasalukuyang ipinagluluksa. Ngayon, nasa likod ng isip ko ang mga tanong na ito. Paminsan-minsan, natutulala. Napapabuntonghininga. Napapatingin sa malayo. Tapos, minsan iiyak pa rin. Parang ganito naman talaga. Yata.

May kakaibang dulot na pagkalito ang pagluluksa sa kaibigan kong nagturo sa akin kung paano magluksa. Dahil siguro parating ipinapaalala sa akin ng isip ko at ng mga taong nakakaalam ng pinagdaanan naming magkaibigan ang kabalintunaan ng sitwasyon. Ako rin ay di nakakalimot. Kabisado ko pa ang laman ng kaniyang lecture na tawagin na lang nating "Luksa for dummies."

Sabi niya, "Una, kailangan mong malungkot." 'Yung pagitan ng galit, panghihinayang, pagtataka at pagkagulat, naroon 'yung tinatawag na lungkot.

Kailangang hanapin siya sa mga pagitan, ayon sa kaniya. Naroon sa kuyukot at singit-singitan ang tunay na kahulugan ng tunay na lungkot. Hindi ito lumbay na lungkot. Ang lumbay ay lungkot na mas malapit sa panghihinayang. Hindi ito pagtangis o lungkot na may kaakibat na gigil. Ito 'yung lungkot na nararamdaman mo kapag 'yung inipit mong libro sa bookstore ay wala na sa pinagtaguan mo sa panahong may pera ka na. Alam mong hindi ito ang katapusan ng mundo. Pero alam mo ring mayroong nawala. Na bagama't minutya mo nang sapat, sa paraang alam mo, nawala pa rin ito sa 'yo. Isang bagay na nawala bagamat hindi rin naman talaga naging sa 'yo.

"Pangalawa, kailangan mong umiyak, kahit may tao, OK lang 'yan." Iba't ibang klase ang iyak. Merong palahaw. Ito 'yung bongga. Ito 'yung may kasamang sigaw, hikbi, uhog, at iba pa. Nakareserba ito sa mga taong di alintana ang poise. At ginagawa lang ito sa sitwasyong maraming nakakakita, dahil kung hihimatayin ka, kailangan siguradong may sasalo. Meron din 'yung demure. Luha lang. Puwede pa nga itong samahan ng bahagyang ngiti. Pero pang-beauty pageant 'yan. Ganiyan ang ginagawa pagkatapos kang itanghal na Ms. Philippines. Ang pinaka-effective ay 'yung luhang may kasamang lungkot. Ito 'yung hinuhugot sa apdo. May halong pait ang alat ng luhang babaha sa pisngi. Sasaluhin ito ng dalawang kamay na itatakip sa mukha. Nakatakip ang mukha, di dahil sa kahihiyan, kundi dahil sa pag-surrender, sa kung anuman ang iyong nararamdaman.

"Pangatlo, at ito ang pinakamahalaga: tanggaping hindi ikaw ang dahilan ng pag-inog ng mundo." Ito na marahil ang pinakamahirap. Pero kapag nagawa mo 'to, bahagya mo nang mauunawaang hindi lahat ng dahilan ay maiintindihan mo. Hindi ito panalanging hindi sinagot. Hindi lahat ng tao, lunan, at pangyayari ay isasaalang-alang ang nararamdaman at kahihinatnan mo. Hindi lahat ng bagay ay tungkol sa 'yo. Hindi ikaw ang isyu dito. At bago ka pa mahulasan, tapos ka nang magluksa.

Sa huling yugto ng aming pagkakaibigan, mayroon pa palang mga bagay na hindi ko akalaing ituturo pa rin niya sa akin.

Paano mo ipagluluksa ang isang patay na ilang milya ang layo sa iyo? Binawian ng buhay ang kaibigan ko sa isang probinsiya. Pinag-aantay kami ng dalawang araw bago siya naiuwi. Gawain niya 'yan. Ang paghintayin ako. Lagi't lagi, pag may usapan kaming magkita, isang oras, dalawang oras, apat na oras niya akong pinaghihintay. Kaya nga siya ang may hawak ng koronang "Ms. Leyte (late, eh!)". Isang Huwebes Santo, may usapan kaming pumasiyal sa probinsiya dahil may bisita kaming kaibigan mula sa Amerika. Sabi ko 'wag na 'wag siyang magpapa-late dahil ang isang oras na diperensiya ay isang kilometrong karagdagan sa traffic ng NLEX. Awa ng Diyos, ang

alas-singko namin ay naging alas-otso. Umabot na sa harap ng subdibisyon namin ang haba ng traffic. Kaya ang ending, nag-Visita Iglesia na lang kami sa Maynila, kung saan walang tao.

Naglista ako ng simbahang puwede naming puntahan. 'Yung mga paborito ko, siyempre. Pero makapananghalian, siya na ang nagmamando sa driver namin kung saan pupunta, kung saang kanto liliko, at kung aling kalsada ang tutumbok sa gusto niyang puntahan. Bumaba kami sa isang maliit na simbahan. Nganga ako nang makita ang stained glass ng altar. Ang marble works ng pader at sahig. Sabi niya, "Alam kong magugustuhan mo ito, kaya kita dinala dito. Siguro naman sapat na ito para palampasin mo ang pagka-late ko kanina?" Tama siya. Iyon ang isang paghihintay na di ko nakuhang magalit nang matagal, dahil alam kong kahit parati niya akong pinaghihintay, babawi at babawi siya sa paraang di maiisip ng iba.

Pero ang paghihintay sa kaniyang bangkay ay napakahabang dalawang araw, dahil hindi ko talaga alam kung anong dapat gawin. Alam na ng maraming tao, pero tinatanong pa rin nila ako. Tinatanong nila kung ano ang nangyari, kung paano nangyari, kung ano ang mangyayari. Lahat ng tanong, sa totoo lang ay di ko alam ang sagot. Unti-unting pumasok ang impormasyon. Paunti-unti rin akong nakasagot sa mga tao. Paulit-ulit, parang walang katapusan. Napakahaba ng dalawang araw. Dito, hindi niya ako naihanda. Pero hindi ako nagalit, dahil alam ko, sa huli babawi at babawi pa rin siya. Naisip ko nga, puwede na ba akong umiyak? Ito na ba ang simula ng pagluluksa o hihintayin ko munang makita siya sa kabaong?

Sa morge na kami muling nagkita. OK naman. Mukha naman siyang peaceful. Mukha naman siyang di nahirapan. Bumawi nga! Siguro dala na rin ng sentimentalismo, tingin ko nga, mas maganda siya ngayon kaysa noong nabubuhay pa siya. Oo, tama. Mukha lang siyang natutulog.

Naalala ko tuloy noong minsang nagbiyahe kami sa ibang bansa. Isa sa napakarami. Pero espesyal ang bansang ito, dahil hindi siya pangturista. Isa siyang bansang kabubukas pa lang sa madla mula sa maraming taon ng pagkakapinid politikal, kultural, at sosyal. Hindi namin alam kung ano ang aming daratnan, dahil bukod sa propaganda ng kanilang gobyerno na nagpapakita ng magagandang pagoda, walang ibang impormasyon tungkol sa bansa. Ni hindi namin alam kung marunong bang mag-English ang mga tao o naka-Google translate lang ang mga natanggap kong sulat imbitasyon. Sa sobrang remote ng lugar, limang minuto lang para kumuha ng visa. Pakiwari rin namin ay di lalampas sa isangdaan ang tao sa airport.

Napagkamalan ng host na mag-asawa kami, kaya't nilagay kami sa isang kuwartong iisa ang kama. Honeymoon suite, kumbaga. Nakakatawa ang arrangement.

Pero higit na nakakatawang napagkamalan kaming mag-asawa gayong mas malagkit pa ang pilantik ng baywang niya kaysa sa akin. "Oh Diyos na Mahabagin sa langit, ito po ay dala lang ng pagtitipid, 'wag niyo po sana munang gunawin ang santinakpan!" bulalas naming pareho nang makita ang tsokolate at puso-pusong unan na nakahain sa isang king-sized bed. Hindi naman nagunaw ang Earth.

Katulad ng madalas naming schedule, pagkatapos ng maghapon kong pakikipagkumperensiya at pakikitalamitam sa artists at curators, dadatnan kong walang laman ang kuwarto. Nasa kung saang rayrayan ang aking mabait na kaibigan. Sa pagkakataong ito, hindi ko na inalam kung nasaan siya. Malamang, dahil sobrang pagod din ako at alam ko naman sa totoo lang kung nasaan siya: sa Chinatown, kung saan maraming vegetarian selection. Oo, ang vegetarian selection ay literal na tumutukoy sa mga restoran na pulos halaman lang ang hinahain, at talinghaga para sa mga poging Intsik na mabilis ang expiration date. Sakto lang para sa one-night stand, 'ika nga. Nagising ako sa kalagitnaan ng gabi dahil may mahinang huni akong naririnig sa lalim ng aking tulog. Pagdilat ko, naroon siya: tulog, nakangiti, humihilik ng mahinhin. Ayos, solved! Nakapang-okra nanaman si Bakla!

Hinugot ako pabalik sa morge ng umaalimbukay na amoy ng pormalina. Ang sakit sa mata, ilong, at balat. Isabay ko na kaya ang pag-iyak, para hindi halata? Pero di pa pala puwede. Mahirap tingnan kung pantay ang foundation kapag pagod na ang mata sa kakaiyak. Saka ko napansin na kailangang palitan ang barong! Di maganda! Sigurado akong di niya type ang outfit niya. Crucial pa naman 'yun.

Sa burol, isang oras na kaming dalawa lang sa kapilya. Siya, nakahilata sa harap ng altar at ako, nakaupo sa pinakahuling bahagi ng hilera ng sopa. Balak ko rin sanang humilata dahil pakiramdam ko'y napagod ako sa stunts namin kanina sa morge. Binalak ko ring hugutin na ang lungkot sa puso ko. Tutal, kami lang naman. Sanay na siyang makita akong basag. Pero di ko pa rin nagawa, kasi napansin kong di pantay ang layout. Off-center ang kabaong. Naka-flush left.

Isa ito sa mga bagay na pinagtatalunan naming madalas noong may bookstore pa siya at ako naman ay may coffeeshop sa iisang puwesto. Ang kape ko ang pang-akit sa mga costumer. At ang mga libro niya ang dahilan kung bakit sila tatagal sa shop para um-order nang um-order pa ng maraming kape. Hanggang manginig na sila at maisipang bilhin na lang ang libro at umuwi na. Business strategy. Linggo-linggo yata ay pinaglilipat-lipat namin ang mga estante, bookshelves, counter, mga upuan, lamesita, at iba pa.

Mataman naming pinanonood ang mga taong labas masok sa aming maliit na tindahan. Parang mga guinea pig sa gumagalaw na maze. Nakakaaliw. Iba ang off-

center sa asymmetric. Ang debate niya lagi, ang mga Pinoy, mahilig sa tuwid na linya. Ang diagonal layout at asymmetric layout na pinipilit ko ay bagay lang daw sa London o kaya ay sa Amerika, kung saan ang mga tao ay may panahon para pansinin ang mga inanimate objects, dahil ang mga tao sa kanila ay hindi masyadong interesante. Binigkas niya 'yan nang walang halong pang-iinsulto, kumbaga, matter-of-fact ang delivery. Kaya't sigurado akong di niya type ang 2 feet off-center positioning na nagaganap sa kasalukuyan.

Gusto kong iurong nang pakanan ang kabaong niya. Pero nag-aalala naman akong mailaglag ko siya. Sa laki niya, malamang sa malamang, babaliktad kami pareho. Di bale, mamaya, pagdating ng mga bulaklak mapapantay ko rin 'yan.

Napansin ko ang gold trimmings ng kabaong. Kakaloka! Parang belyas na laos ang dating! Di ko type. Tatanggalin ko 'yan mamaya pagkatapos manghingi ng permiso sa mga kapamilya. Malay ko naman kung sila ang pumili niyan.

Nagdatingan na ang mga tao, bago pa man natapos ang production design ko. Tsk! Hindi pa rin yata puwede.

Ilang araw, laging maraming tao. Mayroong mga nag-aalok na ipagpatuloy namin ang naiwan niyang mga gawain, negosyo, at trabaho. Puwede ba! Lubayan niyo nga ako. Yan ang gusto kong sabihin. Sa tonong mala-Bella Flores, dahil pakiramdam ko ay pinangungunahan nila ang pamilya sa pagdedesisyon kung anong gagawin sa mga iniwan ng kaibigan ko. Parang mana. Pero sa kung anong himala, ngumiti lang ako at nasabi nang buong kalma na mas mainam kung kakausapin nila ang pamilya pagkatapos ng lahat ng pinagkakaabalahang kaugnay ng kanyang biglaang pagkamatay. Best in calmness! Siya rin ang nagpauso ng best-best na 'yan. Best in Bright, Best in Outfit, Best in Hair. Na sa katunayan ay wala namang kahulugan kundi isang pabirong pang-iinsulto kapag nasa-satisfy ang kanyang mapanlait na taste.

Natural akong mainitin ang ulo. Napakaigsi ng pisi ko. Nitong mga nakaraang araw, bago siya namatay, may inaaway ako sa Facebook. Pinadalhan niya ako ng PM, pasakalye niya, "OK ka lang?" Siyempre, hindi ako OK. Pero tinuloy pa rin niya ang pakay sa pag-PM: burahin ko raw ang aking status dahil nanggagalaiti na naman ako. Sa madaling salita, sinabi niyang, umaatake na naman ang ugali kong hindi nag-iisip kapag nagagalit. Binura ko, hindi dahil kalmado siyang tao at ang sa kanya ay paalala ng mas matibay ang huwisyo. Kundi dahil alam kong tulad ko, matindi rin ang kanyang topak, mainitin din ang kanyang ulo, at madalas din itong nagdudulot ng kapahamakan sa kanya. Alam kong alam niya ang sinasabi niya.

Sa mahaba naming pagkakaibigan 'yan ang extra challenge: to live each day with tact and grace. Kaya paano? Paano nga kaya dapat inaatupag ang mga naiwang

gawain, negosyo, at trabaho, with tact and grace? Oo, parang beauty pageant pa rin. Saklaw pa ba ito ng pagluluksa o off-shoot na lang ng pagkawala?

Mahirap. First time kong nagkaroon ng ganitong karanasan. Ang lagay, lahat ng mga naunang namayapang mahal ko sa buhay ay walang naiwang unfinished business. O kaya, hindi naman ako ang nilalapitan ng mga tao para magtanong tungkol sa habilin o unfinished business.

Sa burol pa rin, doon ko nakita kung gaano kalawak ang network niya. Di ko sasabihing maraming nagmamahal sa kanya. I guess, given na ’yun. Sa isang social butterfly na katulad niya, malamang mas magtataka ako kung ako at ang immediate family lang niya ang nagmamahal sa kanya. Pero ang lawak.

No’ng huling nagkita kami, mayroon siyang minamadaling project, journal para sa dati niyang opisina. Tinanong ko, kung bakit pa niya ginagawa ’yun? Kung malaki ba ang bayad? Kung hindi ba naman siya busy? Sagot niya lang, “Di kasi at par ang ginawa ni Dexter sa dating ginagawa ni Martin.” Di nila tunay na pangalan, dahil nakalimutan ko na kung ano-anong pangalan ang kanyang binanggit. Tanong ko naman, “Sino si Dexter at sino naman si Martin?” Nagtatakang tanong niya sa akin, “Ha, di mo sila kilala? Akala ko, kilala mo.”

Pagbaba namin sa waiting shed, may bumati sa kaniyang poging mama na naka-bike, inaaya siyang uminom sa Sarah’s. Sumagot siya ng oo, at sinabing ihahatid lang ako. So, ngumiti na rin ako kay poging mama para i-acknowledge ang kaniyang presence.

Pagtalikod, biniro ko ang aking kaibigan. Pinaratrat ko ang aking armalite ng pang-iintriga—Sino siya? Single ba? Mukhang matalino, ha! Straight? Ay straight. Anong silbi niya sa ’yo? Ang sagot niya ay abridged version ng CV ng poging mama. Sabay sabing, “Ha, di mo siya kilala? Akala ko, kilala mo siya.”

Ganiyan nga, akala niya lagi ay kakilala ko lahat ng kakilala niya. Sa dalas naming magkasama parang dapat nga ay ganun, pero ako kasi ay may tendency na limitahan ang bilang ng taong kinakausap dahil madali akong malito. Hindi dahil takot ako sa tao. Sa totoo lang, social butterfly rin ako. Pero sa dami ng iniikutan niyang grupo, napakahirap nang sabayan. May ilang kaming sala-salabid na kaibigan. Marami rin ’yun. Pero parang imposibleng lahat ng taong kakilala niya ay kakilala ko rin.

Sa tulong ng isa pang kaibigan, kinailangan naming ilista kung ano-ano ang networks niya para iparating sa kanila ang mga impormasyong tungkol sa kanyang lamay, padasal, cremation, atbp. Ito, feeling ko, di na kasama ng pagluluksa. Parang resulta na lang ito ng OC-ness ko, isang katangiang alam kong hinahangaan niya nang lubos.

Paano pinapakiharapan ang pamilya? Lalo na ang paboritong tiyahin na nagsilbing pangalawang ina? Kilala ko na ang kaniyang pamilya. Nagkasama-sama na rin kami sa ilang okasyon. Pero paano sa ganitong pagkakataon? Sasabihin ko bang nakikiramay ako sa kanilang pagluluksa, gayong alam nila na ako rin ay nasa ganoong estado?

Di pa nagsisimula ang lamay, ipinakilala na ako ng mga kapatid niya bilang siyang nabiyuda niya. Maluwag at pabirong tinanggap ito ng pamilya. Marahil, alam nila kung gaano kami ka-close. Inalo at inaliw rin nila ako.

Sa harap ng napakaraming pagkain ay walang humpay na tawanan ang kaakibat ng aking pagsusumbong, kung paanong ang tampalasan nilang kapatid ay inaabuso ang aking kabaitan. Pero siyempre lahat ng iyon ay birong may katotohanan. Bagama't hindi napag-uusapan, nagkaintindihan kaming hindi kami uupo at mag-iiyakan. We will celebrate his life, 'ika nga. Naitatawid din pala ang mga ganitong sitwasyon.

Ang "hindi ko matanggap. . ." Ito na ang isang extra challenge. Paano ka tutugon sa ganitong hinagpis? Para lang ba itong variant ng "hindi ako makapaniwala. . .?" Pero ang isang hindi naniniwala ay maari mong kumbinsihing entitled naman siya sa sarili niyang opinyon. OK lang, push mo 'yan, teh. Ang hindi makatanggap ay parang may mas malalim na pinaghuhugutan. Hindi 'yung parang naghihintay ng regalo sa Pasko o birthday na hindi natanggap. Ibang "tanggap" ito at ibang "hindi".

Pero ano ang hindi matanggap? Ang biglaang pagpanaw? Ang paraan ng pagkamatay? O na ang tao ay namamatay? Paano siya nakarating sa desisyong hindi niya matanggap? Alam na alam ko ang linyang ito. Linya naming lahat itong magkakaibigan noong namatay ang isa pa naming kaibigang itago na lang natin sa pangalang Chinchansu.

Actually, hindi 'yun pagtatago sa pangalan niya. Chinchansu talaga ang palayaw namin sa kanya. Dahil samantalang lahat kami ay nagpapakahirap na ma-achieve ang malaporselanang kutis ng manikang Hapon o ng Empress of the Great Wall of China, siya naman ay pinagpalang mabiyayaan ng balat na walang pores. Siya lang yata ang may wagas na karapatang magsabing "oiliness is next to ugliness!" bilang pangungutya, at hindi paalala.

Hindi nga pala namatay si Chinchansu. Pinatay siya. Tatlumpong saksak sa harap, likod, at tagiliran. Tiniyak na sa bawat sulok ng makinis niyang katawan ay may butas na pagsusulakan ng berde niyang dugo. Na dahil sa pangyayaring ito ay nalaman naming pula rin pala. Metaphor lang pala ang berdeng dugo. Nakahandusay siya sa sariling kama, sa sarili niyang kuwarto, sa sarili niyang apartment. Ganun siya natagpuan, isang hapon na parang walang katapusan ang hapis.

Ano ang hindi namin matanggap? Na sa ganitong paraan siya kailangang mamatay. Para sa taong ang main order of business ay maging maganda, magpaganda, at panatilihing maganda ang paligid, napakapangit ng ending. Hindi namin matanggap na tuwing babanggitin namin ang pangalan niya hanggang ngayon ay bumabalik kami sa kung paano siya pinatay. Hindi kung paano siya nabuhay.

Nang dumating ang balita ng kamatayan nitong si Ms. Leyte, ang balitang natagpuan siya sa sarili niyang kuwarto at wala nang buhay, di namin maiwasang balikan ang pinagdaanan ni Chinchansu. Pati na rin ang pinagdaanan naming magkakaibigan sa mga panahong 'yon.

Para siyang sakit na di gumagaling. Hindi sapat na wala naman daw sugat si Ms. Leyte at hindi naman daw siya naliligo sa sarili niyang dugo. Kinailangan naming lahat antayin ang resulta ng autopsy bago yakapin ang sarili at sabihing, "Ito, ngayon, kailangan na nating tanggapin." Sa pagkakataong ito, dapat i-focus ang energy sa mga bagay na dapat asikasuhin.

Ang mga habilin ay isa pang alalahanin. Sa lawak ng network niya, halos sa lahat ng iyon, meron siyang ibinilin na kung siya ay mamatay, ganito o ganire ang gusto niyang mangyari. May pinagbilinan siya na dapat may scarf! Diyos na mahabagin! Saan naman kayang fashion magazine niya nakitang may scarf ang naka-barong-tagalog?! Noong nakaraang taon, nag-photoshoot na siya kasama ang isang kaibigan. Ang mga litratong iyon daw ang gusto niyang naka-display sa burol niya. In fairness, magaganda ang kuha! Pero ang mga posing. Nanangkupo! Inaalala kong hihimatayin ang kaniyang prim-and-proper na tiyahin kung makikitang paliyad-liyad siyang parang si Pilita Corales o pa-pout-pout pa. Anong sinabi ni Paris Hilton sa haba ng nguso nito?

Sa akin, sa panahong nakaburol siya, sa totoo lang, wala akong maalala sa mga bilin niya. Siguro dahil napakarami rin naman talaga. Ang naalala ko lang ay ang palaging niyang pagbanggit na "Pag namatay na ako. . .".

Madalas, sinasabi kong mauuna ako sa kaniya, dahil masama siyang tao. Sa isang seryosong usapan namin, matapos siyang ma–blood poison noong nakaraang taon dahil sa sobrang kalasingan, sabi niya, "pakiramdam ko mauuna talaga ako sa'yo."

Pinalampas ko iyon at hinayaang tapusin ang gusto niyang sabihin. Wala akong natatandaan sa sinabi niya. Marahil, dahil ayaw ko ng ideya. Gusto kong tumanda kaming magkakasama, siya, ako, at ang isa pa naming matalik na kaibigan na pinagpala rin ng mga diwata. In other words, artist na bakla.

Gusto kong magtayo kami ng home for the aged artists. Para kahit ugod-ugod na kami ay may creative outlet pa rin. Iwas-buryong 'yun, hanggang ready na kaming tatlo mamatay.

Sa burol, alam kong marami pang ibang habilin. Pero ’yung scarf at pictures lang ang pinansin ko. ’Yung isa ay sinunod ko at ’yung isa ay nagpanggap na lang akong nakalimutan ko. Inisip ko tuloy dapat ba pinakinggan ko siyang mabuti? Dapat ba gumawa ako ng listahan in the spirit of OC-ness? Magtatampo kaya siya dahil wala siyang scarf? Nagtatampo pa ba ang taong patay na?

Sa pagitan ng pagtatanong, naisip ko, parang hindi na matutuloy ang home for the aged artists. Parang di ko kayang gawin ’yun mag-isa. Saglit ko pa lang naiisip ’yun, dumating na ang the other bakla, si Second Princess. ’Yung isa pa naming matalik na kaibigang kasama naming nagbabalak tumanda.

Basag na basag si bakla. Parang biyudang may labingdalawang anak. Tulala. At paulit-ulit ang sabing, “Patay na talaga siya. Hindi pa rin nagsi-sink-in.” Sa aming tatlo, parati naming sinasabing itong si Second Princess ay mabagal ang utak. Hindi bobo, mabagal lang talaga. Parang diesel. Kaya siguro ganun, tatlong araw na ang nakalipas ay di pa rin nagsi-sink in sa kanya.

Hinawakan ko ang kamay ng Second Princess at ipinaalalang ang tao ay namamatay. Pero hindi ko alam kung tama bang ’yun ang sabihin. Hindi ako sigurado kung dapat ko ba siyang aluin o bigyan ng lecture tungkol sa ephemeral nature of the human body to accommodate evolution. At naintindihan ko na ito na siguro ang isa sa kanyang mga huling habilin. Ako na ang bahala sa aming Second Princess. At bahala na akong intindihin ang kanyang Best in Slowness.

Habang lumalapit ang araw ng cremation, pahirap nang pahirap intindihin ang lungkot. Marahil, malungkot dahil pagkatapos ng gabi ng pag-alala, at mapakinggan ang magagandang kuwento tungkol sa kanya, naiisip ko na huli na ito. Hindi na siya ulit makagagawa ng mga pakuwela. Hindi na niya ulit maipagtatanggol ang maton na kaibigang inaaway ng dalawang lasing na kolehiyala. Hindi na niya ulit maiinsulto ang isang konyong batang hindi naiintindihan kung bakit ginagawang katatawanan ang kanyang pagiging konyo. Hindi na ulit siya makapaglalambing sa mga nakatatandang propesor. Hindi na niya malilito ang mali-mali naming kaibigan. Hindi na siya mahihingan ng payo. Hindi na niya ako mapipilit tumawid o i-swipe ang credit card ko dahil gusto niyang sumama sa biyahe ko. Hindi na niya kailangang pagpasensiyahan ang mga topak ko at ipaalala kung gaano kaganda ang buhay at kinabukasan ko. Hindi na kami makakabuo ng bagong pangarap. Huli na ’yun.

Akala ko, iyon na ang simula ng pagluluksa. Sinubukan kong pumalahaw nang palihim. Para lang i-test, dahil baka mas effective ’yun. Maraming beses akong umiyak dahil sa lungkot, ’yung hinuhugot ang luha mula sa apdo. Tinakpan ko ang mukha ng dalawang kamay hindi dahil sa kahihiyan, kundi dahil tinatanggap ko na

sa pagkakataong iyon, hindi nila kailangang isaalang-alang ang nararamdaman at kahihinatnan ko. Hindi lahat ng bagay ay tungkol sa akin. Hindi ako ang isyu dito. Pero hindi ko pa rin mawari kung ito na ba ang pagluluksa. Parang hindi pa rin. Basta ang alam ko, nagawa ko nang lahat ito.

Nalungkot na rin ako. ’Yung pagitan ng galit, pagtataka, gulat, at panghihinayang. Minsan sabay-sabay. Minsan, panghihinayang lang. Minsan, pagtataka pa rin. Minsan, galit din. O kung nagtatanga-tangahan ako, gulat din. Kaparis kaninang umaga, matapos kong isulat ang huling artikulo ko para sa taon, ipapadala ko ito sa kanya, tulad ng dati, dahil siya ang aking unofficial editor. Nagulat ako sa ginagawa ko, dahil alam kong ilang linggo na rin siyang patay. Pakiramdam ko, wala naman itong kahulugan. Mahirap lang talagang tanggalin ang mga nakaugalian.

At ito pa, sa mga nagdaang panahon, iniiwasang sabihing patay na ang isang taong namatay. Ang ginagamit nati’y “namayapa” o dili kaya’y “wala na.” Pero sa pagkakataong ito, sa maraming pagkakataong ako ang nagbahagi ng balita, ang sinasabi ko ay “patay na siya”. Na para bang ibinabalita kong “kumakain lang siya,” o di kaya’y “hintayin niyo, tumatae pa.” Hindi ko pa marahil mapoproseso nang tama o baka naman naproseso ko nang mabilis, kaya madali para sa aking ibahagi ang balita. Hindi ako sigurado.

Napagdaanan ko na ang prosesong itinuro niya sa akin. May mga bonus points pa. Magaan ang pakiramdam ko. Pakiramdam ko ay walang nawala sa akin. Pakiramdam ko ay kaya kong ituloy ang laban sa buhay, kahit wala na siya, gayong naging magkaibigan kami dahil hindi ako makabangong mag-isa. Ito kaya ay isang lesson in irony? O puwede rin namang naihanda niya ako nang tama at sapat. Sa dami ng hindi ko naiintindihan sa pangyayaring ito, gusto ko na lang isipin na ang pagluluksa ay isang retorika na walang katumbas na praxis. At marahil, ang huling proposisyon ang panghahawakan ko, dahil sa haba pa ng lalakbayin ko, samantalang karay-karay ang Second Princess, kailangan kong maging matatag, mabuhay sa kasalukuyan at hinaharap, habang patuloy na humuhugot ng inspirasyon sa mga pinagdaanan namin ng mahal kong kaibigan—ang nag-iisang Ms. Leyte—na sa unang pagkakataon ay nauna na sa aming lahat.